

WARM-UP

- Naranasan mo na ba ang sitwasyon kung kailan naisip ng mga kaibigan mo na nagbibiro ka lang ngunit ang totoo ay seryoso ka talaga? Ano ang nangyari?
- Mas gusto mo ba ng mga larong pang-isahan o mas gusto mo ang pangkatan? Bakit mo ito gusto?
- Sino ang taong pinagkakatiwalaan mo ng lubos? Bakit ka nagtitiwala sa kaniya?

WORD ¹*Nang panahong iyon, nagsimula si Haring Herodes sa pag-uusig sa ilang miyembro ng iglesia.* ²*Ipinapatay niya si Santiago na kapatid ni Juan sa pamamagitan ng espada.* ³*Nang makita niyang natuwa ang mga Judio dahil sa kanyang ginawa, ipinahuli rin niya si Pedro . . .* ⁴*Ipinabilanggo niya si Pedro at pinabantayan sa apat na grupo ng mga sundalo na ang bawat grupo ay may apat na sundalo. Ayon sa plano ni Herodes, ang paglilitis kay Pedro ay gagawin niya sa harap ng taong-bayan pagkatapos ng Pista ng Paglampas ng Anghel.* ⁵*Habang nasa bilangguan si Pedro, patuloy ang taimtim na panalangin ng iglesia para sa kanya.* **MGA GAWA 12:1-5**

Ang bagong tatag na iglesia ay humarap sa bago at matinding sitwasyon. Inusig ni Herod ang mga pinuno ng iglesia. Ipinapatay niya si Santiago, at gusto rin niyang ipapatay si Pedro. Bilang sagot sa bantang ito, nanalangin ang iglesia sa Diyos dahil alam nilang Siya lamang ang tanging makapagliligtas kay Pedro. Bagama't ang panalangin ay maraming aspeto, anong mga aral tungkol sa panalangin ang maaari nating matutunan mula sa paraan ng pagharap na ginawa ng unang iglesia sa sitwasyong ito?

1 | Taimtim silang nanalangin.

Habang nasa bilangguan si Pedro, patuloy ang taimtim na pananalangin ng iglesya para sa kanya. MGA GAWA 12:5

Ang pagiging taimtim ay pagiging tapat o walang pagkukunwari. Naniniwala ang mga mananampalataya na si Pedro ay nasa sitwasyon na tila wala nang pag-asa. Ang isang pag-uugali sa pananalangin na maaari nating matutunan sa kanila ay ang pagdarasal ng taimtim sa lahat ng sitwasyon—hindi dahil sa tradisyon o dahil wala nang ibang maaaring gawin. Ang taimtim na pananalangin sa Diyos ay nangangahulugan ng ganap na pagbuhos ng ating isipan at emosyon sa Kanya. Paano naapektuhan ng pananampalataya natin ang ating taimtim na paglapit sa Diyos?

2 | Sama-sama silang nanalangin.

Nang maunawaan niya ang nangyari, pumunta siya sa bahay ni Maria . . . Maraming tao ang nagkakatipon doon at nananalangin. MGA GAWA 12:12

Ang mga pananampalataya ay nagtipon-tipon upang manalangin. Si Jesus mismo ang nagsabi sa Kanyang mga dsipulo na kung magkakasundo ang dalawa sa kanila rito sa mundo na *ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito* sa kanila. (Mateo 18:19). Ito ang kapangyarihan na mayroon ang pananalangin sa komunidad ng iglesya. Mayroon ka bang komunidad ng iglesya na nakakasama mong manalangin? Paano mo naranasan ang pagtugon ng Diyos sa isang panalangin na ipinagdasal ng isang komunidad ng mananampalataya?

3 | Lagi silang nanalangin.

Nang maunawaan niya ang nangyari, pumunta siya sa bahay ni Maria . . . Maraming tao ang nagkakatipon doon at nananalangin. MGA GAWA 12:12

Ang mga mananampalataya ay hindi tumigil sa panalangin hangga't hindi ito nasasagot. Sa katunayan, namangha sila nang dumating si Pedro. Nanalig sila na maririnig at sasagutin ng Diyos ang kanilang mga panalangin. Isinulat ni Pablo na hindi tayo dapat huminto sa panalangin (1 Tesalonica 5:17). Tulad nila, ang panalangin ay dapat na palagian. Paano nakikita ng Diyos ang panalangin ng Kanyang mamamayan (Pahayag 5:8)? Paano tayo nahihikayat ng pananampalataya natin upang patuloy na lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin?

APPLICATION

- May relasyon ka ba sa Diyos na humihikayat sa iyo na manalangin sa Kanya ng taimtim? Gusto mo bang tanggapin ang ugnayan na gusto Niyang ibahagi sa iyo ngayon?
- Paano mo magagawang manalangin nang taimtim at walang sawa? Mag-isip ng ilang praktikal na paraan upang maging matatag sa espirituwal na disiplina ng panalangin?
- Paano mo magagawang manalangin kasama ang isang komunidad? Hilingin sa Diyos na magkaroon ka ng ugnayan sa mga taong makakatulong sa iyong manalangin at sa taong maaari mong ipanalangin.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng pagkakataon na lumapit sa Kanya upang manalangin. Pasalamatan siya sa pagtanggap sa iyong panalangin na gaya ng mabangong insenso.
- Hingin sa Diyos ang kalakasan at kakayahan upang lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng taimtim, walang tigil, at sama-samang pananalangin. Ipanalangin na ang personal na relasyon mo sa Kanya ay patuloy na lumalim.
- Ipanalangin ang paglago sa pananampalataya ng mga kapamilya at kaibigan mo. Ipanalangin na isuko ng mga taong hindi pa nakakakilala kay Jesus ang buhay nila sa Kanya.

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....



VICTORY

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph